

## THE SNOW WHITE-DORK COLLISION

Isang inch na lang talaga at ubos na ang pasensya niya.

“Potek, 7:34 na!” Nabubuwisit na naihilamos ni Ezekiel ‘Kiel’ Verdadero ang kamay sa mukha. “Carl, halika na, male-late na ako. Maliligo pa ako, please!”

“Ayaw ko ligo, ayaw ko ligo!” Nagtatakbo ang kanyang pinsang si Carl sa loob ng kuwarto nito.

Sa edad na apat, nasa peak ito ng kalikutan. Idagdag pang may hinala siyang may *Attention Deficit Hyperactivity Disorder* o *ADHD* ang paslit.

Mabilis itong hinabol ni Kiel. “Carl, di puwede. Magagalit si Ya Glenda mo pag inabutan ka niyang mabaho, tara na!” pang-uuto niya na ang tinutukoy ay ang stay-out yaya nito.

“Ayaw, ayaw!” ulit ng paslit na nagtatakbo patungo sa ilalim ng kama.

“Carl, parang awa mo na! Pleeeease!” Yumuko siya sa ilalim ng kama at hinila ito sa braso. Naisip niyang magpalit ng taktika. “Papahiran ko ng tae ng manok ’yung toy car mo kapag di ka tumigil! Tara na sabi!”

Mukhang tumalab naman ang threat niya at hindi na

nagpapilit ang bata. Lihim siyang napabuga ng hangin.

Matapos ang ilang minutong kulitan at habulan (at pag-burn niya ng kulang-kulang 4,500 calories kasabay niyon), natapos din niya itong paliguan at bihisan. Nagpakarga ang pinsan nang pababa na sila sa kusina ng maliit na bahay.

Naabutan nilang nag-aalmusal na ang mga magulang ni Carl. Ang mag-asawa ang kumukupkop sa kanya dahil nasa probinsya ang buo niyang pamilya.

“Hanggang anong oras ang klase mo?” tanong ni Angelita ‘Angge’ Verdadero Manocot (Tiyang Ge for short), sa pagitan ng pagnguya sa sinangag at daing na niluto niya rin kaninang madaling araw.

“Six po.”

“Good. Dapat 6:15 andito ka na mamaya, ah.”

Namilog ang mga mata ni Kiel. “Po, Tiyang? Eh, m-may—”

Ikinumpas nito ang kamay para putulin siya. “Wag ka nang pumunta kung saan man ’yan! May meeting ako mamaya sa opisina, gagabihin ako. Ang tito mo naman, mag-a-attend ng birthday ng boss niya. Walang makakasama si Carl pag-alis ni Glenda kaya dalian mong umuwi,” dere-derechong anito.

Hindi na siya nakahirit ng reklamo kahit gusto niyang umalma. Balak kasi niyang pumunta sa bahay ni Aling Eva na gumagawa ng pastillas sa dulo ng street nila, para maka-sideline

bilang taga-repack doon. Sayang din kasi ang kanyang kikitain, pambili na rin iyon ng ilang pangangailangan niya sa school.

Nagsimula siyang umangal. “Eh, Tiyang, mayroon pa po kasi akong—”

Pinandilatan na siya ng tiyahin. “Hindi puwede, Kiel! Umuwi ka pagkatapos ng klase mo.”

“Okay po.” Bagsak ang balikat na inilagay na niya sa kanyang bag ang baong lunch. (A/N: Yep, college na siya pero nagbabaon pa ng packed lunch. Ganoong level ang pagka-uncool niya.)

Nagmano na si Kiel sa mag-asawa. “Aalis na po ako,” paalam niya saka lumabas ng bahay.

Walking distance lang naman ang kolehiyong pinapasukan niya pero sampung minutong lakarin din iyon. At dahil napagtripan ng mga bully ang kanyang bike noong nakaraang linggo, hindi niya iyon magagamit ngayon, kaya kailangan niyang bilisang lumakad kapag male-late na siya; tumakbo kung kinakailangan.

Sa malas, umambon pa. Mabuti’t mahina lang dahil wala siyang dalang payong.

Humahangos si Kiel habang kinakapa sa bag ang ID para ipakita sa guard sa gate. Pero hindi niya iyon makapa kaya minabuti niyang silipin nang maigi ang bag.

Dahil halos ipasok na niya ang ulo sa bag sa sobrang

pagkakayuko, hindi napansin ni Kiel ang nakaharang sa kanyang daan. Sumalpok siya sa malambot na katawan na may pinaghalong amoy ng sosyal na bulaklak na di niya kayang i-spell ang pangalan, at strawberries. Agad niya iyong nahila papayakap sa sarili para hindi bumagsak.

At natulala siya nang yumuko siya at mapagmasdan kung sino iyon.

Si *Snow White!*



*Ten minutes ago, give or take....*

Hindi mapalis ang ngiti ni Victoria ‘Tori’ Avellana habang walang kakurap-kurap na nakatitig sa screen ng bagong-bago niyang phone at walang humpay na tumitipa ng mensahe para sa mga kaibigang sina KC (Kristina Casimiro) at Joe-Joe (Josephine Lastimoso).

*Wer n b u? Hurry up!* basa niya sa mensahe ng una.

Mukhang excited din ang mga itong makita ang bago niyang gadget. Na-text na niya kasi kaagad ang dalawa nang nakaraang araw, habang nandoon pa lang sila sa mall kung saan nila binili ang smartphone.

*Malapit na. 10 mins max.*

“You should’ve left that at home. Baka naman ilabas-labas mo ‘yan, mawala pa.” Nilingon siya ng amang si Vic Avellana

na kasalukuyang nagmamaneho ng kanilang SUV. Inihahatid muna siya nito sa school araw-araw bago ito pumasok sa isang multi-national financial company na pinapasukan bilang general manager. Ang mommy naman niya....

Umiling si Tori. Ayaw niyang pag-isipan ang anumang may kaugnayan sa ex-wife ng kanyang popsie, baka masira lang ang kanyang mood.

“Of course not, Pops. Gagamitin ko lang pag breaks, swear,” aniyang hindi ito nilingon at patuloy sa pagtipa.

Kahit ang ka-OA-yan ng tatay ay hindi makakasira sa ganda ng kanyang mood ngayong araw. Matapos kasi ang tatlong buwang paninikluhod (e.g. pagpapapaawa at constant pagtatantrum), pumayag na itong palitan ang ‘luma’ niyang cellphone na six months and fourteen days ago niya pinabili.

Gayunpaman, sa udyok ng paternal grandmother ni Tori, naisip ng amang mas mabuti kung paghihirapan niya ang mga bagay na gusto niya bago iyon makuha. Kaya kailangan muna ng dalagita na mag-offline sa Internet nang two weeks, hindi umattend ng parties sa loob ng isang linggo, magwalis sa kuwarto niya nang three days at kumain ng okra sa sinigang, bago siya nito binilhan ng phone. Hirap na hirap talaga siya, lalo na dahil hindi siya nakapag-post ng OOTD niya sa *Instagram*. Naaawa siya sa followers niya na naghihintay niyon araw-araw. (A/N: Yeah, whatever! \*sarcastic grin\*).

Akala ng mga kaibigan ni Tori, including her BFFs, magpa-puppy dog eyes lang siya ay nanginginig pang ibibigay ng magulang ang gusto niya. Akala nila, perpekto ang kanyang buhay. Well, akala lang nila iyon.

Anyway, nalampasan na naman niya iyon, so kerì na.

“Dito na lang ako, Tori,” sabi ng ama mayamaya.

Sumilip siya sa bintana at nakitang medyo malayo pa iyon sa main gate ng school. Pero normal na maraming kotse sa mismong tapat kapag ganoong oras kaya okay lang sa kanya kahit medyo maglalakad siya. Ayos nga para may kaunting exercise na rin siya.

“See you later, Pops.”

“Wait, wala ka nga palang tutorial mamaya, ano?”

Kalimitang may tutorials siya matapos ang klase kaya isang oras pagtapos pa siya sinusundo ng tatay niya. Pero naka-leave ang teacher na nagtuturo sa kanya sa malas. Nasa probinsya ito para sa kasal nito at honeymoon kaya next month pa bale ang balik.

“Yup,” sagot ni Tori, mataas pa rin ang energy habang sinusuot ang backpack. “But that’s fine. Tutulongan naman daw ako nina Joe-Joe. Maggu-group study kami sa kanila sa Friday night.”

“Group study o *slumber party*?” Tumaas ang kilay ng ama.

She giggled. “Group study, Pops. Pero slumber party na din after kasi siyempre gabi na ’yun matatapos. Pinayagan naman kami nina Tita Nik,” tukoy niya sa nanay ng kaibigan na Nikoleta ang tunay na pangalan.

“Make sure you’ll do what you need to do, Victoria. Baka mamaya, maghaharutan lang kayo d’un tapos bagsak pa rin ang grades mo,” istriktong anito.

Kung nasa *normal* siyang mood, pinaikot na niya ang mga mata at sumimangot. Lumalabas na naman kasi ang kaistriktuhan ng tatay niya. Pero masyado nga kasi siyang masaya kaya ngumiti lang ulit si Tori.

“Promise, I’ll do my best para wala na ’kong cinco ever.” Gusto na niyang idagdag na mag-si-shift na lang siya ng course. Hindi na siguro siya hahabulin ng Math sa AB English kaya hindi na niya kailangang magpakahenyo sa subject na iyon. Pero baka masira ang magandang mood ng kanyang tatay kaya nanahimik na lang siya.

Hinagkan na niya ito sa pisngi.

“May meeting kami mamaya. I’m not sure kung masusundo kita. Baka si Cocoy na lang, just in case,” tukoy nito sa personal assistant slash on-call driver nito.

Nagkibit-balikat si Tori. “Okay. ’Bye, Pops. Heart you.” She blew him a kiss before getting out of the car.

Medyo umuulan, pero parang nagliliwanag ang araw sa

paligid sa klase ng disposisyon niya. It was as if nothing could dampen her spirits.

She was humming while walking, in a manner that's more of a hop. Malapit na siya sa gate nang marinig ang alert tone niya. Nagkukumagkag siyang dukutin ang telepono sa bulsa at binasa ang text galing kay KC:

*Wer na b u? You're so tagal!*

Nagsimula siyang mag-type habang mabagal na naglalakad.

*Gate na. Wsir*

Dahil nga bago ang telepono, medyo hindi pa niya gamay ang paggamit niyon. Huminto siya sa kinatatayuan at pinindot ang arrow left key para burahin ang maling letrang nai-type, saka muling nag-type.

*Wait la—*

Hindi na niya natapos ang tinitipa dahil bigla siyang bumangga sa tila pader at tumalsik mula sa kamay niya ang kanyang precious brand new *iPhone 6*.

Namilog ang mga mata ni Tori habang sinusundan ng tingin ang tila slow motion na paglipad niyon sa ere.

Napamaang siya nang makita iyong malaglag sa semento, matapakan at masipa ng mga nagmamadaling estudyante, tumalsik patungong drainage... at tuluyang mahulog sa kailaliman ng kawalan.



Malakas siyang tumili.



It was indeed his secret crush, *Codename: Snow White*.

Kumpleto mula sa maputi at makinis na kutis, sa magandang mukha, mapupulang labi, pati ang cute na pulang headband, para itong si *Snow White* na naging totoo.

Matagal na itong pinagmamasdan ni Kiel mula sa malayo. May kulang dalawang taon na mula noong mamataan niya ito sa library, at panay na ang tambay niya roon sa pag-asang makikita ito ulit. Well, bukod iyon sa katotohanang bookworm talaga siya kaya siya madalas doon.

Alam na niyang napakaganda ng dalaga, pero ngayong kaharap na niya si *Snow White*, nakadikit sa balat niya ang malambot na balat nito, at nasisinghot niya ang bango mula rito, para siyang malulunod sa pagkamangha. At mukhang iyon nga ang nangyari dahil ilang segundo siyang natulala.

Nagising si Kiel sa pananaginip nang gising nang may tumunog na malakas na ingay.

“Let me go, you four-eyed brute—” asik nito na sinundan pa ng napakaraming salitang hindi na niya naisa-isa dahil pinagpapalo siya nito sa braso at dibdib, “—of a caveman!”

Binitawan niya ito at inayos ang salamin. Napatakip siya sa tainga nang ma-realize na ang katabi niya ang pinanggalingan ng makapunit-eardrum na tunog.

Muli itong sumigaw at nagtatakbo palapit sa drainage at parang namatayang humagulgol. Napalakas siguro ang pagkasalpok niya rito para mag-react ito nang ganoon. Nabalian kaya si *Snow White* ng tadyang?

Pinagtitinginan na sila ng mga estudyante at pakiramdam ni Kiel ay nalulusaw siya dahil sa lahat ng iyon. Hindi siya fan ng attention, lalo pa't higit sa treinta yatang mga estudyante ang naroon. Nagkaka-anxiety attack siya kapag napapansin siya ng napakaraming tao.

“Ahm, Miss...” ginigitian ng pawis na tawag niya sa babaeng kulang na lang ay humagulgol, pero pagkaganda-ganda pa rin habang ginagawa iyon. Palagay niya, hindi aakma sa dalaga ang terminong ‘ugly crying’ kahit anong iyak ang gawin nito. Alinlangang itinaas niya ang kamay at ipinatong sa balikat ng babae.

“What!” asik ni *Snow White* sa kanya kaya bigla niya ring nabawi ang kamay.

“I... I’m sorry sa pagbanga ko sa ’yo. May masakit ba sa ’yo? Gusto mong dalhin kita sa clinic?”

“The clinic won’t bring him back, you idiotic bespectacled moron!”

Natulala siya. Ano daw?

“Oh my G! Tori!” narinig niyang tawag ng isang boses mula sa kanyang likuran.

---

Lumington si *Snow White* at lalong umatungal. Sinalubong ito ng yakap ng dalawang babaeng madalas niyang makitang kasakasama nito.

Umiiyak na nagsumbong ang una. “My baby, he’s gone.”

Namilog ang mga mata na napasulyap si Kiel sa flat na tiyan ng babae at sa mga binti nitong nakalantad dahil sa paldang suot nito. Wala siyang nakitang tumutulong pulang likido roon kagaya ng nakikita niya sa mga palabas sa TV kapag nakukunan ang isang character. Pero...

Si *Snow White*? Buntis?

“Kasalanan niya!” turo sa kanya ng dalaga bago pa niya macontemplate ang kaisipang iyon.

Naitaas ni Kiel ang dalawang kamay nang lahat ng tao ay titigan siya nang masama.

Pati yata loob ng kanyang tainga ay pinagpawisan nang malapot! (A/N: Eww!)